PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 13 MAY 23 - 29, 2022 10.00

# Pagtataas ng minimum wage isinusulong sa Calabarzon

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA) — Gumugulong na sa Calabarzon Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB 4-A) ang panukalang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa sa rehiyon.**

Ngayong araw, Mayo 16, ay dumalo nina Cavite Vice Governor Jolo Revilla, Department of Labor and Employment Region 4-A Director Ezekiel Ronie de Guzman, at mga kinatawan ng mga labor group, management group at mga manggagawa sa lalawigan sa isang public hearing na isinagawa sa Legislative Building ng Sangguniang Panlalawigan.




Nauna nang naghain ng Provincial Resolution sa lalawigan ng Cavite para isulong ang pagtaas ng sahod ng mga Caviteño.

Ayon kay Revilla, naging matagumpany ang public consultation na ginanap sa buong rehiyon noong Abril.

Ani Revilla, napapanahon nang itaas ang sahod ng mga manggagawa sa kanilang Cavite sa gitna ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at petrolyo na naging dahilan upang itaas ang sweldo sa mga karatig na rehiyon tulad ng National Capital Region (NCR).

“Kung titignan natin ang distansiya ng mga bayan at lungsod ng Cavite sa NCR, hindi pa aabot sa halos 6KM ang layo ng Bacoor, 10KM ang layo ng Imus habang 13KM naman sa Kawit. Kaya marapat lamang na ipantay ang sahod sa mga karatig na lugar ng NCR dahil kung ano ang presyo ng mga bilihin sa NCR, gayundin sa Cavite” dagdag ni Revilla.

Siniguro naman ni Director de Guzman na posibleng maitaas ang sahod ng mga manggagawa sa lalawigan ng Cavite, maging sa buong rehiyon. — Patricia Bermudez, PIA 4A

# BAGONG KAGAMITAN SA TB CARE, TINANGGAP NG DOH CALABARZON



Ang Department of Health-Center for Health Development CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) ay nakatanggap ng mga bagong kagamitan para sa TB (Tuberculosis) Care mula sa USAID at Stop TB Platforms.

Ipinahayag ni Regional Director Ariel I. Valencia na masuwerte ang DOH Calabarzon na mapili bilang isa sa mga benepisyaryo.

“Through these tools, we can further intensify our TB screening initiatives that have greatly been affected by COVID-19 pandemic not only in the communities but also in the hospital for the benefit of the vulnerable and at-risk populations especially in several GIDA areas.”

Binigyang-diin ito ni Valencia sa kanyang mensahe sa Ceremonial Handover of New Tools for Improved TB care na ginanap sa DOH Calabarzon Regional Office sa Quezon City.

“The DOH Calabarzon, is in full support and committed to roll out these tools in the region. Through our integrated approach, the new tools would definitely speed up our goal in achieving a TB FREE CALABARZON,” dagdag pa niya.

Ang mga naibigay na bagong tool ay binubuo ng isang unit ng ultra-portable chest X-ray machine na may Computer-aided Detection o Artificial Intelligence at limang unit ng Truenat machine.

# PROVINCIAL ANTI-ILLEGAL LOGGING TASK FORCE, BINUO SA LALAWIGAN NG CAVITE

Kamakailan ay nilagdaan na ng Department of Environment and Natural Resources – Provincial Environment and Natural Resources Office (DENR-PENRO) Cavite sa pamamagitan ng Surveillance Investigation Unit ng ahensya ang isang Memorandum of Partnership (MOP) na naglalayong lumikha ng Provincial Anti-Illegal Logging Task Force (PAILF).

Ang naturang hakbang ng DENR-PENRO Cavite ay naglalayon na mas mapangalagaan pa ang kagubatan sa lalawigan.

Ayon sa ulat ng Radyo Pilipinas, ang mga kinatawan mula sa Philippine National Police (PNP), Philippine Coast Guard (PCG), Philippine Marines, at Department of Interior and Local Government (DILG) ay kasama rin sa mga lumahok sa paglagda ng MOP.

Binigyang diin naman ng PENRO na bukod sa pangangalaga sa kagubatan ng lalawigan, hangarin din ng kasunduan na labanan ang illegal logging sa Cavite.

Source: Radyo Pilipinas




30 araw matapos ang public hearing ay malalaman na ang resulta kung magkano ang itataas na sahod ng mga manggagawa sa CALABARZON.

"Positibo ang aking pagtingin na maitataas natin ang sahod ng mga manggagawa hindi lamang sa Cavite, kundi sa buong rehiyon" saad ni de Guzman.

Source: Jolo Revilla (via Facebook)

Angel's
HAMBURGER
Ang Burger ng Bayan

ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0936-0582240 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

# Impeksyon sa ihi o UTI: Alam niyo ba na




Payo ni Doc Willie Ong

1. Isa sa apat na magaaral sa public school ay may problema sa pag-ihi o may impeksyon sa ihi.

2. Ang tinatawag na Honeymoon Cystitis ay ang pagkakaroon ng impeksiyon sa ihi na nangyayari pagkatapos ng unang pagtatalik.

3. Ang simpleng UTI ay puwedeng umakyat sa kidneys at makasira nito. Puwede itong magdulot ng kidney failure na mangangailangan ng dialysis.

4. Mas madalas magkaroon ng UTI ang kababaihan dahil maiksi ang daanan ng ihi nila, hindi katulad ng mga kalalakihan.

5. Uminom ng 2 basong tubig kada apat na oras para sa healthy kidneys. Mga 8 hanggang 12 baso kada araw. Pero huwag din lalampas sa labing-anim na baso sa isang araw.

6. Pagkatapos magtalik, piliting umihi at maglinis din ng puwerta para hindi magkaroon ng impeksiyon.

Mag-ingat dahil marami ang may sakit sa kidneys

1. Ang nephrotic syndrome ay isang sakit kung saan ang isang tao ay naglalabas ng protina ang mga kidneys ng pasyente at puwedeng magmanas ang paa at mukha.

2. Kung may sakit sa kidneys, mag-ingat sa high-protein diet tulad ng Southbeach at Atkin's diet dahil ito'y magpapahirap sa trabaho ng kidneys.

3. May 2,000 Pilipino kada taon ang nangangailangan ng dialysis. Kalahati sa kanila ay walang pera para umpisahan ang dialysis.

4. Ang dialysis ay isa sa pinakamahal na gamutan. Aabot ng 3 libong piso bawat dialysis at 36,000 piso kada buwan ang gastos

5. Sa National Kidney Institute, 200 pasyente ang naghihintay ng kidney transplant. Ang kidney transplant ay nagkakahalaga ng 1.5 million pesos para sa pribadong pasyente at 500,000 pesos sa charity case.

Paano aalagaan ang kidneys?

1. Huwag araw-arawin ang pag-inom ng pain relievers dahil ito'y makasisira ng kidneys.

2. Umiwas sa mga maaalat na pagkain at sawsawan, dahil nakasasama ito sa kidneys. Bawasan ang pagkain ng toyo, patis, bagoong, alamang at tuyo.

3. Iwasan din ang pagkain ng junk foods at sitsirya na maraming vetsin.

4. Kung mahilig sa Instant Noodles, bawasan ang alat (seasoning) na inilalagay dito. Kalahati lang ang ilagay para hindi mahirapan ang ating kidneys.

5. Tandaan, uminom ng 8 hanggang 12 basong tubig sa maghapon para manatiling malinis ang ating katawan. Kapag healthy pa, tubig ang gusto ng ating kidneys.




# EDITORYAL

## Balik ang perwisyong trapik sa Metro Manila

Bilyong piso ang nasasayang dahil sa matin-ding trapik sa Metro Manila. Dahil sa nangyayaring ito, apektado ang ekonomiya sapagkat hindi dumarating sa tamang oras ang mga kargamento dahil sa mabigat na trapik. Apektado rin ang production sa mga kompanya sapagkat hindi dumarating sa oras ang mga manggagawa. Naipit sila sa trapik.

Sa ginawang pag-aaral ng Japan International Cooperation Agency (JICA), P3.5 bilyon ang nasasayang araw-araw dahil sa trapik sa Metro Manila. Sa pagtaya ng JICA, mawawalan ng P5.4 billion araw-araw ang Pilipinas sa pagsapit ng 2035 kung hindi gagawa ng karampatang solusyon sa trapik.

Balik na naman ang trapik sa Metro Manila mula nang magluwag sa restrictions sa COVID-19. Dahil sa patuloy na pagbaba ng kaso, marami nang mga empleyado ang pumapasok sa kani-kanilang opisina na dati ay naka-work from home. Balik na naman sa pagsisiksikan sa pagsakay sa bus, Metro Rail Transit (MRT) at Light Rail Transit (LRT).

Pinakakawawa ang mga sumasakay sa bus sapag-kat sila ang apektado ng trapik. Kahit pa may sariling lane ang mga bus sa EDSA, naiipit din sa trapik dahil sa rami ng mga pribadong sasakyan.

Ayon sa Metro Manila Development Authority- (MMDA) umaabot sa 405,000 ang mga sasakyan sa Metro Manila bago ang pandemya. At sa nakikitang- pagsisikip ng trapiko ngayon, malapit na raw maabot ang 405,000 lalo pa't malapit nang ipatupad ang face-to-face classes. Asahan daw na sa susunod na buwan ay baka lalo pang tumindi ang bigat ng trapik sa mga pangunahing lansangan sa MM.

Kung titindi pa ang trapik, dapat nang gumawa ng aksiyon ang MMDA para mapagaan ito. Buksan ang mga alternate route. Alisin ang mga sagabal sa kalsada gaya ng vendors at mga nakaparadang sasakyan. Gibain din ang mga basketball court na nasa kalsada at pati mga car wash at talyer na sina-kop na ang kalsada.

Atasan ang mga traffic enforcers na ayusin ang daloy ng trapiko at hindi ang pagkukumpulan sa malilim na bahagi ng flyover o footbridge. Hindi na maaalis ang pagbubuhul-buhol ng trapiko pero sa tamang sistema at mahusay na pamumuno, masosolusyunan ito.

***EDITOR'S NOTE:*** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER Ph MEMBER


**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief
**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# DOST-4A pilots inventory mgmt system, boosts ICT innovations



PIMS. The Department of Science and Technology in Calabarzon is currently pilot testing an inventory management system, which it eyes to fully operate before yearend. Interested technology adopters are welcome. (Photo courtesy of Francis Barquilla)

MANILA -- The Department of Science and Technology in Calabarzon (DOST-4A) is currently piloting its in-house developed Purchasing and Inventory Management System (PIMS) as the agency continues to produce information and communications technology (ICT) solutions.

In an interview with the Philippine News Agency on Tuesday afternoon, Francis Barquilla, DOST-4A's Management Information Systems Unit head for technical operations, said the agency rolled out PIMS last April 20 and will be pilot testing it for six months to fine-tune the system.

The agency hopes the PIMS will be fully operational before yearend and looks forward to different agencies adopting the technology by 2023. Technology adoption for PIMS is free.

The PIMS aims to hasten and organize the process of equipment procurement and inventory. The DOST-4A also plans to add supplies management in the PIMS for a faster issuance and monitoring of supplies.

"Through PIMS, our staff could file purchase requests for the items they need, hence, we can ensure the right specifications and quantities. PIMS could also generate (other) necessary forms such as canvass forms, abstract of canvass, purchase order, work order, inspection and acceptance report, and property acknowledgment receipt," he said.

Basically, the PIMS follows the procurement process, but it enables the employees to easily track their purchase requests since this is online. They could also upload in the PIMS the filled-out canvass forms from suppliers, as well as signed purchase orders.

Barquilla noted that this is useful for government agencies since it could hasten the processes and make them transparent.

"Because with PIMS, approval requests are just a point and click. Further, the staff could easily follow up their requests or give feedback since the location and status of purchase requests are traceable," Barquilla noted.

**Continuous innovation**

In a separate interview, DOST-4A Director Emelita Bagsit said the agency has already developed 25 application systems that they are mostly using for internal operations, while others have been adopted by other government agencies.

These innovations include the Tracking, Retrieval, and Archiving of Communications for Efficiency (TRACE), which is used to log communications with other agencies. The DOST-4A supervisors use this to communicate with the staff. This technology was adopted by the National Police Commission (NAPOLCOM) in Region 8, according to Bagsit, adding that it provided smoother internal operations in NAPOLCOM.

The Regional Research and Innovation Committee (RRIC) in Calabarzon has adopted the DOST-4A's Exchange of Probes, Learnings, and Outputs of Researches (Explore), a research and development (R&D) platform.

Bagsit said this was developed to create a centralized platform showing R&D initiatives of higher education institutions. The RRIC, she said, used this as a reference for researchers in looking for related or previously conducted research. The RRIC also used this to see the R&D contributions of member agencies.

Using application systems has many benefits not just for the agencies but also for its clients. Digital culture, improved employee productivity, organized documentation, organizational transparency are just among the benefits," Bagsit said. (PNA)




## GUHIT NG KAPALARAN

GEMINI: (May.21-Hun.21) Ngayon na malayo ka sa piling ng mga magulang saka mo mapagtatanto ang kahalagahan ng mga sermon nila sa iyo. Alalahanin na tanging ikabubuti mo lang ang hangad nila. Sundin ang mabuti, iwaksi ang makakasama. Lucky numbers at color of the day ang 09, 14, 25, 39 at Cream.

CANCER: (Hun.22-Hul.22) Hindi pa establisado ang iyong trabaho, kaya pag-laanan ito ng atensyon. Malakas ang hatak mo sa kapwa, marami kang kaibigan. Lucky numbers at color of the day ang 15, 16, 31, 43 at Light blue.

LEO: (Hul.23-Ago.22) Kung may trabaho at gustong humingi ng dagdag na sahod, patunayan mo muna kung karapat-dapat kang bigyan. Lucky numbers at color of the day ang 08, 11, 23, 36 at Tangerine.

VIRGO: (Ago.23-Set.23) Mapapasakamay ang bagay na inaasahan su-balit kaunting tiyaga ang kailangan. Kung may appointment, sa umaga gawin. Lucky numbers at color of the day ang 02, 07, 38, 42 at Green.

LIBRA: (Set.24-Okt.23) Kung buo ang loob at magtitiyaga sa trabaho, may tsansang mag-iba ang ihip ng kapalaran sa mga susunod na araw. Lucky numbers at color of the day ang 07, 23, 35, 43 at Purple.

SCORPIO: (Okt.24-Nob.22) Kapos at kulang ang iyong pera kaya ang planong pagbabyahe ay ipagpaliban muna. Ang inaasahang tulong ay darating. Lucky numbers at color of the day ang 10, 22, 37, 44 at Blue.

SAGITTARIUS: (Nob.23-Dis.21) Posibleng masaktan ka dahil sa pag-ibig. Ngunit may mga kaibigan na handang dumamay. Huwag tanggihan ang alok. Lucky numbers at color of the day ang 14, 21, 29, 40 at Indigo.

CAPRICORN: (Dis.22-Ene.19) Maganda ang araw para sa iyo, kung hindi ka mapipikon sa biro, kantiyaw o pang-aasar ng nakapaligid. Lucky numbers at color of the day ang 13, 17, 36, 38 at Orange.

AQUARIUS: (Ene.20-Peb.18) Maaaring makasakit ng kapwa o ikaw ang masasaktan. Mag-ingat, pag-isipang mabuti ang bawat salitang bibitiwan. Lucky numbers at color of the day ang 12, 14, 26, 37 at Violet.

PISCES: (Peb.19-Mar.20) Dahil sa pagka-simple at mabait, irereto ka sa isang matalik na kaibigan. Kilalanin muna siya ng mabuti.Lucky numbers at color of the day ang 05, 09, 18, 34 at Apple green.

ARIES: (Mar.21-Abr.19) Isang ahente ang magbibigay ng impormasyon tungkol sa lupa't bahay na gusto mong bilhin. Pakinggan ang suhestiyon. Lucky numbers and color of the day ang 04, 08, 28, 36 at Emerald green.

TAURUS: (Abr.20-May.20) Magiging mainitin ang iyong ulo, ngunit may mangyayaring magpapasaya sa bandang tanghali hanggang gabi. Lucky numbers at color of the day ang 15, 22, 27, 39 at Pink.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 13 | MAY 23 - 29, 2022 | 10.00

# IATF approves May 16-31 Alert Level System classification

The Inter-Agency Task Force (IATF) approved on May 14, 2022, the recommendation retaining the Alert Level 1 status of the entire National Capital Region from May 16, 2022 until May 31, 2022.

Also placed under Alert Level 1 during the same period are the following provinces, highly urbanized cities (HUCs) and independent component cities (ICCs). For Luzon: Cordillera Administrative Region: Abra, Apayao, Kalinga, Mountain Province, and Baguio City; Region I: Ilocos Norte, Ilocos Sur, La Union, Pangasinan, and Dagupan City; Region II: Batanes, Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya, Quirino, and City of Santiago; Region III: Aurora, Bataan, Bulacan, Nueva Ecija, Pampanga, Tarlac, Zambales, Angeles City, and Olongapo City; Region IV-A: Batangas, Cavite, Laguna, Rizal, and Lucena City; Region IV-B: Marinduque, Oriental Mindoro, Romblon, and Puerto Princesa City; and Region V: Albay, Catanduanes, and Naga City. For the Visayas: Region VI: Aklan, Capiz, Guimaras, Iloilo, Bacolod City, and Iloilo City; Region VII: Siquijor, Cebu City, Lapu-Lapu City, and Mandaue City; and Region VIII: Biliran, Eastern Samar, Southern Leyte, Ormoc City, and Tacloban City. For Mindanao: Region IX: Zamboanga City; Region X: Bukidnon, Camiguin, Misamis Occidental, Misamis Oriental, Cagayan de Oro City, and Iligan City; Region XI: Davao City; and CARAGA: Surigao del Sur and Butuan City.

In addition, the following component cities and municipalities shall likewise be placed under Alert Level 1 effective May 16, 2022 until May 31, 2022, without prejudice to those component cities and municipalities already under Alert Level 1 pursuant to IATF Resolutions No. 165-G, 166-A, 167-A, and 167-C (s. 2022). For Luzon: Cordillera Administrative Region: Kiangan, Ifugao; and Region V: Balud, Masbate; and Irosin, Sorsogon. For the Visayas: Region VII: Calape, Bohol; Garcia Hernandez, Bohol; San Isidro, Bohol; San Miguel, Bohol; Alcoy, Cebu; Borbon, Cebu; Oslob, Cebu; Pilar, Cebu; Santander, Cebu; Tudela, Cebu; Bacong, Negros Oriental; Dauin, Negros Oriental; Valencia (Luzarriaga), Negros Oriental; and Zamboanguita, Negros Oriental; and Region VIII: Tarangnan, Samar; and Zumarraga, Samar. For Mindanao: Region IX: Mahayag, Zamboanga del Sur; and Diplahan, Zamboanga Sibugay; Region XII: Kalamansig, Sultan Kudarat; and Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao: Upi, Maguindanao.

Meanwhile, effective May 16, 2022 until May 31, 2022, the following provinces, HUCs, and ICCs shall be placed under Alert Level 2, without prejudice to their respective component cities and municipalities which may be under a different Alert Level classification: For Luzon: Cordillera Administrative Region: Benguet, Ifugao; Region IV-A: Quezon Province; Region IV-B: Occidental Mindoro, and Palawan; and Region V: Camarines Norte, Camarines Sur, Masbate, and Sorsogon. For the Visayas: Region VI: Antique and Negros Occidental; Region VII: Bohol, Cebu Province, and Negros Oriental; and Region VIII: Leyte, Northern Samar, and Western Samar. For Mindanao: Region IX: City of Isabela, Zamboanga del Sur, Zamboanga del Norte, and Zamboanga Sibugay; Region X: Lanao del Norte; Region XI: Davao del Norte, Davao del Sur, Davao Oriental, Davao de Oro, and Davao Occidental; Region XII: General Santos City, North Cotabato, Sarangani, Sultan Kudarat, and South Cotabato; CARAGA: Agusan del Norte, Agusan del Sur, Dinagat Islands, and Surigao del Norte; and Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao: Basilan, Cotabato City, Lanao del Sur, Maguindanao, Sulu, and Tawi-Tawi.

Alert Level classifications of component cities and municipalities under IATF Resolution Nos. 165-G, 166-A, 167-A, and 167-C (s. 2022) not otherwise affected by this Resolution shall remain in effect until May 31, 2022.




# PINAS, MALAKI ANG TYANSANG MAGING 3RD SA OVERALL NG SEA GAMES - POC CHIEF



Naniniwala si Philippine Olympic Committee President at Cavite Rep. Abraham "Bambol" Tolentino na makakapagtapos ang Pilipinas sa ikatlong pwesto sa overall ng kasalukuyang 31st Southeast Asian Games sa Hanoi, Vietnam.

Aniya, hindi na makakamit ng Pilipinas ang kabuuang kampeonato dahil sa dami ng mga atletang hindi naisali sa kompetisyon.

"Na-slash kasi 'yung number of athletes natin from 1,000 plus to half kaya don't expect much," paliwanag ni Tolentino sa interbyu ng Pasada sa Teleradyo.

Matatandaan na ang Pilipinas ay nakapagtala ng 1,115 manlalaro sa 56 na sports nang mag-host ito ng biennial event noong 2019, kung saan nasungkit natin ang 149 ginto, 117 pilak at 121 tanso para sa kabuuang 387 medalya.

Samantalang sa Hanoi SEA Games, ang bansa ay nakapagpadala lamang ng 641 na atleta para makipagkumpetensya sa 38 sports.

Sa kasalukuyan, nanalo ang Pilipinas ng 31 ginto, 35 pilak at 44 na tansong medalya sa Hanoi.

"So Number 3... Kailangang pang madagdagan, dahil nasa likod natin ng Indonesia. Ang Thailand naman ang layo ng lamang sa atin," pahayag ni Tolentino.

"Sa billiards siguradong may gold tayo, sa wrestling, tennis nandyan pa si Alex Eala. May basketball, marami pang boxing, may swimming pa, may taekwondo. Marami pa tayong inaasahan," paliwanag pa niya.

Idinagdag niya na bilang host, ang Vietnam ay may ilang mga advantages sa mga kalabang bansa.

"Hindi na natin inaasahan ang first dahil sa host na po yon. Mabigat kalabanin ang host dahil marami silang mga bagong ginawa tulad ng inallow nilang 2 entry on some martial arts, pero sa atin isa lang. Lugi na tayo roon. Kanya kanyang style na 'yun, tulad ng mga larong 'di natin alam inilagay nila, inalis naman nila yung alam natin." ani Tolentino.

Ikinalulungkot din niya ang sinapit ng Philippine bodybuilding team na pinagbawalan sa kompetisyon dahil sa teknikalidad.

"'Yung reason (ng officials) hindi katanggap tanggap. Nandito na (Hanoi) e, tinanggap na ang mga pangalan, pumayag ng kundisyon ko na pwede namang idoping ng before, during and after. 'Pag napatunayan na positive at nagmedalya ang atleta, e bawiin ang medal," pahayag ni Tolentino. "Muntik ko na ngang paglaruin kahit walang medal."

Samantala, sinabi ni Tolentino na tiyak na gagantimpalaan ang mga nanalong atleta sa kanilang pag-uwi.

Ang PSC ay inaasahang maglalabas ng hindi bababa sa P18 milyon na cash bonus na itinakda ng batas sa ilalim ng Republic Act 10699.

"Definitely the Office of the President will be preparing for celebration and awarding. Nasa batas naman 'yun," aniya.

